Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Q.C.

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : **PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KONGRESO SA INTELEKTUWALISASYON NG WIKANG FILIPINO NA INORGANISA NG KOMISYON NG WIKANG FILIPINO AT GAGANAPIN SA IKA-3-5 NG AGOSTO, TAONG 2016 SA TEACHERS CAMP, LUNGSOD BAGUIO**

PETSA : Ika-11 ng Enero taong 2016

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722 na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"* malugod na ini-endorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Komisyon ng Wikang Filipino para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Layunin ng kongreso na mailatag ang kahalagahan ng pagpaplanong wika sa iba't-ibang larang, mapalawak ang paggamit ng wikang Filipino at mapalakas ang wika, mataya ang pag-unlad ng Filipino sa mga tinukoy na larang, at makabuo ng glosaryo ng mga katagang teknikal.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103.*

Para sa karagdagang detalye, reserbasyon at/o iba pang katanungan patungkol sa aktibidad na ito maaari kayong makipag-ugnayan kanilang telepono sa bilang na 7362525/7362519/7345547.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.

01-18-0073_KWF_2016